Narinig mo na ba ang

# APAT NA ESPIRITUWAL NA BATAS?

Sa parehong paraan na may pisikal na batas na sinusunod ang mundo, mayroon ding mga batas espirituwal tungkol sa'yo at sa Diyos.

# 1 MAHAL KA NG DIYOS AT MAYROON SIYANG MAGANDANG PLANO PARA SA BUHAY MO.

*(Kung puwede, dapat basahin ang mga talatang binabanggit dito nang buo mula sa Bibliya)*

*Written by Bill Bright.*
*Copyright @ Philippine Campus Crusade for Christ,Inc.1989.*
*All rights reserved. Printed in the Philippines*
*Translated 2022*

## ANG PAG-IBIG NG DIYOS

*"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*

***(Juan 3:16)***

## ANG PLANO NG DIYOS

*[Si Kristo ang nagsasalita]*
*"Naparito Ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos."*

***(Juan 10:10)***

*Bakit hindi nakakaranas ng masaganang buhay ang karamihan ng mga tao?*

*Kasi...*

2

# MAKASALANAN ANG TAO AT NAHIWALAY SA DIYOS

KAYA HINDI NIYA KAYANG MALAMAN AT MARANASAN ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS PARA SA KANIYANG BUHAY.

## MAKASALANAN ANG TAO

*"Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."*

***(Roma 3:23)***

Nilikha ang tao para makasama ng Diyos, pero ayaw niyang sumunod sa Diyos. Humiwalay siya ng landas na ikinasira ng relasyon niya sa Diyos. Ang katigasan ng ulo ng tao, na nakilala bilang rebelyon o pagka walang-pakialam ay nagpapatunay sa tinatawag ng Bibliya na kasalanan.

BANAL NA DIYOS

# NAHIWALAY ANG TAO SA DIYOS

*"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan"*
***(espirituwal na hiwalayan ng tao sa Diyos)***

***(Roma 6:23)***

Pinapakita dito na banal ang Diyos at makasalanan ang tao, at dahil dito, magkahiwalay sila. Lagi sinusubukan ng tao na marating ang Diyos at makamit ang masaganang buhay sa kanyang sariling paraan, tulad ng mabuting pamumuhay, magandang asal, pilosopiya, o relihiyon.




*Ipinapaliwanag ng pangalawang batas ang tanging paraan para masolusyonan ang problema ng tao…*

3

# SI HESU-KRISTO ANG TANGING SOLUSYON SA KASALANAN NG TAO.


SA PAMAMAGITAN NIYA MALALAMAN MO ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS SA BUHAY MO.

## NAMATAY SIYA PARA SA ATIN

*"Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa."*
***(Roma 5:8)***

## MULI SIYANG NABUHAY

*"...si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan… inilibing Siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; at Siya'y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa. Pagkatapos, nagpakita Siya sa mahigit na limandaang kapatid…."*
***(1 Corinto 15:3-6)***




## SIYA ANG NAG-IISANG DAAN PATUNGO SA DIYOS

*"Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."*

***(Juan 14:6)***

Pinapakita dito na inayos ng Diyos ang pagkakahiwalay natin sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang Anak na si Hesu-Kristo para mamatay sa krus bilang kabayaran ng ating mga kasalanan.

*Hindi sapat na malaman lang ang mga tatlong batas na ito…*

4

# KAILANGAN NATING TANGGAPIN SI HESU-KRISTO BILANG ATING TAGAPAG-LIGTAS AT PANGINOON;

SAKA LANG NATIN MALALAMAN AT MARARANASAN ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS PARA SA BUHAY NATIN.

## KAILANGAN TANGGAPIN SI HESUS

*"Subalit ang lahat ng tumatanggap at sumampalataya sa Kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging anak ng Diyos."*

***(Juan 1:12)***

## ANG PAGTANGGAP KAY KRISTO AY SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

*Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman.*

***(Efeso 2:8,9)***

# ANG PAGTANGGAP NATIN KAY KRISTO AY SA PAMAMAGITAN NG PERSONAL NA IMBITASYON

**[*Si Kristo ang nagsasalita*]:** *"Tingnan mo! Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako at kakain akong kasalo niya."* ***(Pahayag 3:20)***

*Ang pagtanggap kay Kristo ay nangangailangan ng pagbabalik-loob sa Diyos (pagsisisi) at pagtitiwala kay Kristo na papasok Siya sa buhay natin at papatawarin Niya ang mga kasalanan natin at babaguhin Niya ang buhay natin ayon sa kalooban Niya. Ang simpleng malaman o pagsang-ayon lang na anak ng Diyos si Hesu-Kristo at namatay Siya sa krus para sa mga kasalanan natin ay hindi sapat. Hindi rin sapat na magkaroon lang ng emosyonal na karanasan. Ang pagtanggap kay Hesu-Kristo ay sa pamamagitan ng pananampalataya, bilang desisyon ng kalooban.*


Pinapakita dito sa dalawang bilog ang pag-representa ng dalawang klase ng buhay:


BUHAY KUNG SAAN NAMUMUNO ANG SARILI

S - Sarili ang nasa trono

† - Nasa labas si Kristo ng buhay

● - Mga hilig at kagustuhan ay pinamumunuan ng sarili at dahil dito nagkakaroon ng kabiguan




BUHAY KUNG SAAN SI KRISTO ANG HARI

† - Nasa buhay si Kristo at Siya ang nasa trono

S - Sarili ay wala sa trono

● - Mga hilig at kagustuhan ay pinamumunuan ni Kristo ayon sa layunin ng Diyos

Alin dito ang representasyon ng buhay mo?

Alin dito ang gusto mong maging representasyon ng buhay mo?

*Ipapaliwanag ng mga sumusunod kung paano tanggapin si Kristo:*

## SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA, PWEDE MONG TANGGAPIN SI KRISTO NGAYON MISMO SA PANALANGIN

Alam ng Diyos ang puso mo, at hindi Niya gaano pinapansin ang mga salitang ginagamit kumpara sa totoong laman ng puso mo. Ang sumusunod ay isang halimbawa ng panalangin:

> *"Panginoong Hesus, kailangan Kita. Salamat sa pagkamatay Mo sa krus para sa mga kasalanan ko. Binubuksan ko ang puso ko at tinatanggap Kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Salamat po sa pagpapatawad Mo sa mga kasalanan ko at sa pagbibigay sa'kin ng buhay na walang hanggan. Maghari po kayo sa trono ng buhay ko. Gawin Niyo po akong isang taong namumuhay ayon sa kalooban Mo. Amen."*

Ito ba ang panalangin na gusto ng puso mo?
Kung ganoon nga, idalangin mo ito ngayon at papasok si Kristo sa buhay mo tulad ng Kanyang ipinangako.

# PAANO MALAMAN NA NASA BUHAY MO SI KRISTO

Tinanggap mo ba si Kristo sa buhay mo? Ayon sa Kanyang pangako sa **Pahayag 3:20**; nasaan si Kristo ngayon? Sabi Niya na papasok siya sa buhay mo. Magsisinungaling ba kaya si Hesus sa'yo? Paano mo malalaman na sinagot ng Diyos ang panalangin mo? *(Ang **katapatan ng Diyos** at ng **Kanyang Salita** ang katibayan. Sa madaling salita, laging tinutupad ng Diyos ang mga pangako Niya.)*

## IPINAPANGAKO NG BIBLIYA ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA LAHAT NG TATANGGAP KAY KRISTO

*"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Kung ang Anak ng Diyos ay nasa isang tao, mayroon siyang buhay na walang hanggan; ngunit kung wala sa kanya ang Anak ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan. Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan."*


***(1 Juan 5:11-13)***

*Magpasalamat ka lagi sa Diyos na nasa buhay mo na si Kristo at hindi ka Niya iiwanan. (Hebreo 13:5) Malalaman mo dahil sa pangako Niya na nakatira Siya sa puso mo at mayroon ka nang buhay na walang hanggan mula noong papasukin mo Siya sa buhay mo. Hindi Siya magsisinungaling sa'yo.*

*Isang importanteng paalala…*

# ‘WAG DUMEPENDE SA PAKIRAMDAM

Ang batayan natin ay ang Salita ng Diyos at hindi ang pakiramdam natin. Nabubuhay ang isang Kristyano sa pananampalataya (pagtitiwala) sa Diyos at sa Kanyang Salita. Ang truck ay sumisimbulo ng koneksyon ng **katotohanan** (Diyos at ang Kanyang Salita), **pananampalataya** (ang ating pagtitiwala sa Kanya at sa Bibliya), at **pakiramdam** (ang resulta ng ating pagtitiwala at pagsunod). **Basahin Juan 14:21.**




Ang truck ay aandar kahit wala ang trailer. Pero hindi ito pwedeng umandar kung ang trailer ang hihila. Tulad nito, bilang Kristyano, hindi dapat tayo aasa sa pakiramdam o emosyon, kundi magtitiwala lamang tayo sa Diyos at sa mga pangako ng Kanyang Salita.

# NGAYONG TINANGGAP MO NA SI KRISTO

Sa sandaling tinanggap mo si Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, maraming bagay ang nangyari, tulad ng mga sumusunod:

1. Pumasok si Kristo sa buhay mo. **(Pahayag 3:20 at Colosas 1:27)**
2. Pinatawad na ang mga kasalanan mo. **(Colosas 1:14; 2:13)**
3. Naging anak ka ng Diyos. **(Juan 1:12)**
4. Nagkaroon ka ng buhay na walang hanggan. **(Juan 5:24)**
5. Nagsimula ka nang mamuhay na ayon sa kalooban ng Diyos. **(Juan10:10; II Corinto 5:17 at I Tesalonica 5:18)**

Mayroon pa bang mas hihigit pa kaysa sa pagtanggap mo kay Kristo? Gusto mo bang pasalamatan ang Diyos ngayon dahil sa ginawa Niya sa'yo? Sa pagpapasalamat mo sa sa Diyos, pinatutunayan mo ang pananampalataya mo.

# MGA PAYO PARA SA PAGLAGO SA BUHAY KRISTIYANO

Bunga ng pagtitiwala kay Kristo ang paglago sa buhay Kristiyano. “Ang itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay” **(Galacia 3:11)**. Ang buhay na may pananampalataya ay makakatulong sa iyo upang patuloy na ipagkatiwala sa Diyos ang bawat aspeto ng buhay mo at para gawin ang mga sumusunod:

Manalangin sa Diyos araw-araw. **(Juan 15:7)**

Basahin ang Bibliya araw-araw. **(Mga Gawa 17:11)** *Magsimula sa libro ng “Juan”*

Sumunod palagi sa Diyos. **(Juan 14:21)**


Magpatotoo para kay Kristo sa pamamagitan ng buhay mo at ng Salita ng Diyos. **(Mateo 4:19; Juan 15:8)**

Ipagkatiwala ang bawat aspeto ng buhay mo sa Diyos. **(1 Pedro 5:7)**

Magpasakop at sumunod sa Banal na Espiritu.**(Galacia 5:16, 17; Mga Gawa 1:8)**

# PAGTITIPON NG MGA KRISTIYANO

Sa **Hebreo 10:25**, inuutusan tayo na hindi dapat kalimutan "ang pagdalo sa ating mga pagtitipon..." Sa paggawa ng apoy, kapag marami at tabi-tabi ang mga piraso ng panggatong, malakas ang apoy. Kung hiwa-hiwalay ang mga kahoy, mamamatay ang apoy. Ganoon din pagdating sa samahan ng mga Kristyano. Kung hindi ka pa kasama sa isang Kristyanong simbahan, hindi mo na kailangang maghintay ng imbitasyon. Magkusa kang dumalo sa isang simbahan kung saan si Kristo ang sinasamba at ang Salita ng Diyos ang tinuturo. Simulan mo sa darating na Linggo at gumawa ng plano para laging makadalo.



## KUNG NAKATULONG ITO SA IYO, PUWEDE MONG IBAHAGI ITO SA IYONG MGA KAIBIGAN O KAKILALA

Mahigit 100,000,000 kopya nito na ang naimprenta na at gusto ng Campus Crusade for Christ na ang mensahe nito ay maipamahagi sa karamihan. Dahil dito, pwede itong gamitin ninuman o ng alinmang organisasyong may nais. Ang espasyo sa baba ay maaaring sulatan ng pangalan mo o ng organisasyong gustong gumamit nito.

Para mapanatili at mapangalagaan ang mga laman nito, hindi maaaring bagu-baguhin ang mga nakasulat dito o ang alinmang parte nang walang pahintulot mula sa Philippine Campus Crusade for Christ.

40 Scout Borromeo Street,
Brgy. South Triangle, Quezon City, Philippines

(02)7149 4255

/cruph

www.cru.ph